



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Mabuting Pag-uugali ng isang Muslim (Muslim's Good Manner)



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae



Ang katayuan ng isang tao ay hindi sa kanyang kulay, o itsura, kundi sa kanyang gawain at pag-uugali. Ang Propeta Muhammad SAWS ay nagwika: (Tunay na ang Allah ay hindi tumitingin sa inyong itsura, at yaman, kundi siya ay tumitingin sa inyong mga puso at gawain)¹. Ang pag-uugali ay ang pakikitungo sa bawat isa sa lipunan.

Ang batas ng Panginoon ay naghihikayat sa pagkakaroon ng magandang asal. Kabilang sa magandang dahilan ng pagpapadala ng Allah ng Propeta at Rebelasyon ay ang pagdalisay ng sarili at paglinis ng pag-uugali. Ang Allah ay nagsabi: (Siya ang nagsugo sa mga taong hindi nakapag-aral ng isang sugo mula sa kanilang lipon, upang kanyang basahin ang Kanyang mga talata at upang sila ay maging dalisay) (Al Jumuah:2). Ang mabuting asal ay may mataas na katayuan sa Islam, sinabi ng Allah bilang parangal sa kanyang Propeta SAWS: (tunay na ikaw ay may dakilang pag-uugali)². Hinihikayat ng Islam ang pagkakaroon ng magandang pag-uugali, ito ay pagsamba na magagantimpalaan ang isang Muslim. Mabigat ito sa timbangan ng gawain at magpapalapit sa alipin sa Siyang pinakamahabagin. Ang Propeta Muhammad SAWS ay nagwika: (tunay na ang pinakakamahal-mahal sa akin at pinakamalapit sa'kin sa kabilang buhay na posisyon sa araw ng paghuhukom, ay ang siyang may pinakamagandang pag-uugali)³.

Isa sa mga layunin at dahilan ng bawat pagsamba ay ang pagkakaroon ng mabuting asal. Sabi ng Allah: (tunay na ang Pagdarasal ay mag-iiwas sa imoralidad at kasamaan)⁴. Sa pagbibigay kawang-gawa naman: (kunin mo mula sa kanila ang kawang-gawa na maglilinis at magdadalisay sa kanila gamit ito)⁵. Sa Hajj naman: (huwag makipagtalik, huwag gumawa ng kasalanan, at huwag makipag-talo sa Hajj)⁶.

1 صحيح مسلم: رقم 17130

2 4: القلم

3 الترمذي: رقم 36062

4 45: العنكبوت

5 103: التوبة

6 197: البقرة

Maraming uri ng magandang pag-uugali, tulad ng: pagiging mabuti sa magulang, kapit-bahay, at matatanda. Ganun din ang mabuting akala sa kapwa, magandang pananalita, pagbati ng Salam, at magandang relasyon sa kamag-anak kahit pa man hindi mga Muslim.

Ang magandang asal ay isa sa pangunahing pundasyon ng pag-unlad ng isang lipunan. Ang layunin nito ay paglikha sa katauhan ng isang Muslim na magiging susi sa kabutihan ng bawat isa.